



Sulat para sa mga magulang at tagapag-alaga tungkol sa *Nitbusters: Programa sa kuto ng mga paaralan*

Letter to parents/carers concerning *Nitbusters: Head lice in schools program*

Pangalan ng bata _____ Klase _____
Child's name _____ Class _____

Petsa ng "Nitbusters Day" _____
Date of Nitbusters Day _____

Petsa ng pagsasauli ng porma ng pagbibigay-permiso _____
Date for return of consent form _____

Mga Minamahal Naming Magulang/Tagapag-Alaga

Balak ng Nitbusters na bigyang aral ang mga paaralan, bata at magulang tungkol sa kuto at kung paano mapuksa ang mga ito.

Ako ay sumusulat upang humingi ng inyong permiso upang makasali ang inyong anak sa Nitbusters Day na gagawin sa paaralan sa petsang nakasulat sa itaas. Ang Nitbusters Day ay isang araw kung saan ang mga magulang ay maaaring tumulong sa pagtingin at paggamot sa mga bata laban sa kuto.

Ang bawat bata ay hinihikayatin na makisali. Walang batang maaring makisali na walang pirmadong porma ng permiso, at hindi rin sila mapaparusahan dahil sa hindi nila pagsasali. Ang mga magulang /tagapag-alaga at o mga bata ay maaaring umayaw sa pagsali sa anumang oras. Ang mga batang hindi sasali ay maaaring mag-aral sa pagkilala ng mga kuto at kung paano mapupuksa ang mga ito.

Sa Nitbusters Day, ang bawat kasaling bata ay maiiksamang ang kanilang buhok upang malaman kung may aktibong mga kuto. Ang mga magulang na tutulong ay gagamitin ng mga gumang guwantes o "latex" sa proseso ng pagsisiyasat at paglunas. Kung may makitang mga kuto o itlog nito (nits), kasunod ay lalagyan ng pangkaraniwang "hair conditioner" at masusuyod ito. Pagkatapos maalis ang mga nagkabuhol-buhol na buhok sa pamamagitan ng malaking suklay, gagamitin ang pinong suklay na pangsu-yod upang maalis ang mga kuto at itlog nito. Magpapalit ng mga magagamit na guwantes sa bawat bata. Kung may mga palatandaan ng impeksyon o sugat ang ulo o "psoriasis" ng bata, hindi ito sisiyasatin o gagamutin laban sa kuto.

Pagkatapos ng proseso, ang buhok ng bata ay masusuklay at aayusin. Hindi babanlawan ang "conditioner" ng buhok dahil mahirap gawin sa paaralan ito. Hindi makakasama ang "conditioner" sa buhok at maaari itong hugasan pagdating ng bata sa bahay.

Lahat ng mga suklay ay malilinis bawat gamitan sa pamamagitan ng mainit na tubig na may sabon at mabanlawan sa mainit na dumadaloy na tubig dahil ang kuto ay namamatay sa temperaturang 60 degrees Celsius.

Isang sulat ang ipapadala sa bahay ninyo pagkatapos ng pagsaliksik upang malaman ninyo kung may kuto o itlog ng kuto ang inyong anak. Lahat ng mga magulang ay mabibigyan ng isang pahina ng impormasyon tungkol sa pagpuksa ng kuto kahit na hindi kasali ang inyong anak sa programa.

Para maging matagumpay ang Nitbusters sa ating paaralan, dapat kasali ang lahat ng mga bata. Kahit isa lamang na ulo ang may kuto ito ay maaaring makahawa ng buong klase. Ang isang mahalagang mensahe ay kahit sinuman ay maaaring mahawahan ng kuto kahit anong edad, kasarian, o pinanggalingan. Ang paggagamot ay kailangang magmula sa komunidad at ipinagpapatuloy.

Kasangkot ang lahat ng komunidad sa paaralan sa pamamahala at pagpapatakbo ng isang Nitbusters Day, upang sikaping mapuksa sa buong paaralan nang minsanan ang kuto. Ang samahan ng mga magulang sa paaralan ay siyang ng magbubuo sa aktibidad sa pamamagitan ng mga makakatulong sa pagsiyasat at paglunas sa lahat ng mga bata laban sa kuto. Ang pagsisiyasat ay gagawing ng mga boluntaryong mga magulang/tagapag-alaga sa bawat klase/pangkat, maunang matitingnan ang mga mas batang estudyante sa araw ng klase. Ang programa ay gumagamitan ng suklay at "hair conditioner" para sa pagpuksa sa kuto na isang ligtas at hindi kemikal na paraan dahil ginamitan lamang ang suklay sa pag-aalis ng kuto.

Kung sumasang-ayon kayo sa pakikisali ng inyong anak sa Nitbusters Day, mangyari pong kumpletong sulatan ang porma sa Ingles at ibalik ito sa paaralan sa petsang nakasulat sa itaas. Isang hiwalay na porma ng pagpayag ang dapat pirmahan ninyo sa bawat batang kasali.

Ang impormasyon ito ay batay sa mga impormasyong nasa website ng NSW Health Nitbusters.